



MAGKA-ISA Fukushima

~ Voices from Fukushima ~



Limang taon na ang nakalipas ng maganap ang napakalakas na lindol na puminsala sa Silangang bahagi ng Japan. At sa sakunang naganap sa planta ng nukleyar sa Fukushima. Noong Marso 11 ang bawat lugar sa prepektura ng Fukushima ay nag-alay ng dasal sa seremonya upang parangalan ang mga nasawi sa sanabing sakuna at sa maayos na pagbangon ng Fukushima.

Dito sa Fukushima International Association matapos maganap ang sakuna ay nagsagawa kaagad ng public information paper 「Gyro」 para makabangon na pinamagatang 「Magka-isa Fukushima」 Upang ipaalam kung ano ang kasalukuyang sitwasyon ng prepektura at kung ano ang mga isinagawang palatuntunin tulad ng mga sumusunod foreign exchange program, programa ng iba't-ibang grupo, at ang tinig ng mga dayuhang ninirahan sa bawat lugar sa loob ng prepektura ng Fukushima.

※Ngayon bilang buod ay balik alamin natin kung ano ang mga nangyari makalipas ang limang taon ng maganap ang sakuna.



Fukushima ngayon, makaraan ang limang taon ng maganap ang napakalakas na lindol sa Silangang bahagi ng Japan

Makaraan ang isang buwan at kalahati ng maganap ang sakuna ay inilathala ang 「Magka-isa Fukushima」 upang ipaabot na ang Fukushima ay di patatalo at makakabangon din. Nakaraan ang tatlong taon ng ito ay mailathala ng branch office ng CLAIR (Council of Local Authorities for International Relations) sa Paris at sa Korea ay sumuporta sa pag-sasalin nito sa anim na wika (Ingles, Intsik, Tagalog, Portuguese, Koreano at Pranses). Upang ipahayag ang kasalukuyang nagaganap para makabangon at pagpapanibagong buhay sa Fukushima. Na ipinadala sa loob at labas ng prepektura ng Fukushima maging sa ibang bansa. Noong taon ng 2012 buwan ng April ay nailathala rin ang blog page.



(Larawan sa kanan) Ito ang sitwasyon sa opisina ng FIA matapos ang sakuna

(Larawan sa kaliwa) 「Magka-isa Fukushima」 paunang edisyon



Kuha taong 2013 buwan ng Hunyo, inilunsad ang 「Tohoku Rokkonsai」 at maraming mga turista sa buong lupain ng Japan ang bumisita sa Fukushima

Dahil sa epekto ng sakuna at disgrasya sa planta ng nukleyar, ang pagtatayo ng pansamantalang tirahan at ang pagpapanumbalik ng kapaligiran sa mga napinsalang lugar ay natatagalan .Ngunit kahit ganoon pa man ang pag bubukas ng mga pasilidad sa medical care, ang pagpapanatili ng mga pampublikong imprastraktura, at ang mga kapakanang pampubliko naman ang pangunahing isinagawa na nakatulong para mapasaya ang paksa. Sa (Magka-isa Fukushima)ang paginspeksyon ng radyoaktibo sa isang sakong bigas,ang mga produktong ng bukid, ang pag sasagawa ng aksyon ng turismo tungkol sa agrikultura at kagubatan kasama na ang kasalukuyang kondisyon ng palaisdaan at pangingsda ay inilathala sa publiko.

Ang mga fiesta at okasyong ginanap sa iba't-ibang lugar ng prepektura ng fukushima, Tulad ng ginanap na programa ng nakaraang taon simula Abril hanggang Hunyo tatlong buwan na pinamagatang 「Fukushima Destination Campaign」 dahil dito mga 90% ng mga mamamasyal ay umangat kumpara noong maganap ang sakuna. Ngayong taon ng Abril ang 「Fukushima after destination campaign」 ay ilulunsad at inaasahang masdarami ang mga turistang magsisidalaw sa Fukushima.

Noong taon ng 2011 hanggang buwan ng Disyembre ang mga dayuhang naninirahan sa prepektura ng fukushima ay nabawasan na umabot sa 15%(9,259), ngunit paunti unti ay nagsisibalik na rin ang iba hanggang sa sukatin nakaraang taon 2015 buwan ng Hunyo ay umabot ang bilang ng mga dayuhan sa 10,669 kumpara bago maganap ang sakuna ay halos pareho na.(Ministry of Justice 「Alien Statistics」)

Dahil sa karanasang dinanas ng mga dayuhan ng maganap ang sakuna napag alaman nila ang kahalagahan ng pakikipag ugnayan sa mga kababayan at ang mga aktibidadis na isinasagawa ng samahan ng komunidad ay naging mga aktibo. Sa ngayon ay may mga grupong aktibo sa pagsasagawa ng mga anunsiyo o kaya naman ay ang mga pagtuturo at pag-aaral ng mga tradisyunal na kultura sa mga pampublikong bulwagan.



Kuha noong taon ng 2015 buwan ng Enero ng ilunsad ang 「Disaster prevention lecture for foreign residents」 . Natuto tungkol sa paghahanda kung maganap ang lindol at kung ano ang dapat mong gawin sa panahon ng kapahamakan

Ang Sukat ng radiation level sa Lungsod ng Fukushima (pansamantalang halaga)

Pinanggagalingan: Homepage ng Prepektura ng Fukushima <http://www.pref.fukushima.lg.jp/>

Sa homepage ng Prefektura ng Fukushima, ang mga Sukat ng Halaga ng Radyoaktibidad sa Kapaligiran sa lahat ng lugar sa loob ng Prefektura ng Fukushima ay nakatala (probinsiyang distrito). Makakakuha po kayo ng makabagong kaalaman (update) sa homepage ng Pandaigdigang Asosasyon sa Fukushima (FIA) sa wikang Ingles, Intsik, Tagalog, Portuguese, Koreano. Ang patuloy na pagsasagawa ng decontamination system sa bawat kabahayan, kumpara ng maganap ang sakuna ay malaki ang ibinaba ng sukat.

Unit :mikro sievert /oras

Date Oras ng pagsukat	Fukushima City	Koriyama City	Shirakawa City	Aizu Wakamatsu City	Minami Aizu Town	Minami Soma City	Iwaki City
Normal na halaga	0.04	0.04-0.06	0.04-0.05	0.04-0.05	0.02-0.04	0.05	0.05-0.06
2011.4.1 9:00	2.44	2.24	0.73	0.24	0.08	0.92	0.58
2016.3.1 9:00	0.20	0.11	0.09	0.06	0.05	0.09	0.07
Direksiyon at Distansiya from 1st power plant	Hilaga Kanluran About 63km	Kanluran About 58km	Timog Kanluran About 81km	Kanluran About 98km	Kanluran Timog Kanluran About 115km	Hilaga About 24km	Timog Timog Kanluran About 43km

※Ang sukat ng halaga ng radyasyon sa Lungsod ng Fukushima ay nakuha sa paradahan ng sasakyan sa hilagang bahagi ng Kenpoku District Health and welfare Office. Ang lungsod ng Koriyama ay kinuhanan sa parahadahan ng sasakyan sa timog ng Koriyama Government Office complex.

※Ang MMP ay metatag na uri, ang MP naman ay panukat na apparatus.

※Ang karaniwang halaga ng nabanggit na sukat ay galing sa resulta ng pagsisiyasat ng antas ng radyoaktibo

Tinig ng mga naninirahan sa Fukushima

Sa 「Tinig ng mga naninirahan sa Fukushima」 ay ang pakikipanayam sa mga dayuhang naninirahan sa fukushima na ang paksa ay tungkol sa mga karanasan ng maganap ang napakalas na lindol at kung ano ang kanilang mga sinasaloob sa pamumuhay nila ngayon dito sa fukushima. At ang artikulo ng 82 katao na pinag iingatan ng FIA ay naka lathala sa homepage ng FIA.

Ngayon ay ang pakikipanayam sa kanila Ms. Reiko Tetsuka at Ms. Katherine Goto na siyang mga pangunahing ipinakilala sa kauna unahang edisyon ng 「Magka-isa Fukushima」 na ang paksa ay kung ano ang kanilang mga sinasaloob makaraan ang limang taon ng maganap ang napakalakas na lindol sa Silangang bahagi ng Japan.

Reiko Tetsuka (kasalukuyang naninirahan sa fukushima. Mula Tsina)

Matapos na maranasan ang naganap na napakalakas na lindol ay napagisip-isip ko kung ano ba ang dapat kung gawin para sa fukushima at kung ano ang maitutulong ko para sa ganitong sitwasyon. Matapos ang isang taon ay nagsimula akong magnegosyo. Ang pinakapangunahing trabaho namin ay pagsasalin at pag iinterpreta ng wika, sinusupportahan din namin mga pangunahing negosyong ginagawa sa Tsina, at sinusupportahan namin ang mga dayuhang naninirahan dito sa pakikisalamuha sa lipunan. Paunti- unti ay lumalago ang aming negosyo.



Kamakailan lamang ay pinangalanan namin ito ng “Fukushima Restoration Project” at nagpaumpisa ng trabaho sa turismo para sa prepektura. Ipinakilala din namin ang Fukushima sa mga mamamasyal ng Tsina. Magbuhat ngayon palagi nating itanim sa ating utak na “palaging sumubok sa makabagong bagay” at magpatuloy na magsumikap para sa hinaharap.

Katherine Goto (Nang maganap ang sakuna ay nakatira sa Fukushima, ngayon ay sa Osaka naninirahan. Mula Pilipinas)

Matapos maganap ang lindol ay nakatanggap ako ng sunod-sunod na tawag sa aking cellphone buhat sa aking mga kababayang Pilipino na naninirahan dito sa lahat ng bahagi ng prepektura. Upang magbigay ng impormasyon tungkol sa oras ng buses at lipad ng eroplano para sa paglikas. Ng mga panahong iyon ay napakaraming paghihirap ang naranasan, ngunit ng makatanggap ako ng papuri galing sa Embahada ng Pilipinas ay noon ko pa lang naramdaman na napakalaki pala ng naitulong ako sa aking mga kababayan. Dahilan sa aking trabaho, noong tagsibol ng taon ng 2014 lumipat ako ng Osaka at nag umpisang magtrabaho sa isang accounting office. Nagtrabaho pa rin ako bilang isang interpreter at bilang isang life consultant. Nakatanggap din ako ng request galing sa eskuwelahan at mga gobyernong lokal para pagturo dito. Ito ay sa dahilang naranasan ko ang naganap na malakas na lindol at marami akong impormasyong alam tungkol dito na naipalalaganap kaya nais kung magpatuloy sa gawain kung ito hanggang sa hinaharap.



Impormasyon buhat sa FIA

● Impormasyon hinggil sa konsultasyon ukol sa pamumuhay ng mga dayuhan dito sa Fukushima

Dito sa FIA ay mayroong konsultasyon para sa mga dayuhan sa ibat-ibang wika.

- Ang linguaheng English, Intsik, Hapones ay mula Martes hangang Sabado sa oras na alas nuebe hanggang ala sinko ng hapon
- Sa linguaheng Koreano, Tagalog at Portuges naman ay tuwing Huwebes sa oras na alas dies hanggang alas dos ng hapon.
※ Tuwing ika-apat at ika- limang Huwebes ng buwan ay kinakailangang kumuha ng appointment.

Telepono: 024-524-1316 (pribado) E-mail : ask@worldvillage.org (pribado)

Publisher Fukushima International Association

Address : Funabacho 2-1, Fukushima City, Fukushima Prefecture 960-8103
TEL : 024-524-1315 FAX : 024-521-8308
E-mail : info@worldvillage.org URL : http://www.worldvillage.org